**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**
**AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**JULY 31, 2020 (11:05 A.M. – 12:07 P.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang umaga, Pilipinas. Ngayong Biyernes ng umaga lilinawin natin muli ang mahahalagang balita at impormasyon ukol sa ating laban kontra COVID-19. Good morning, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Good morning, Secretary Martin. At makakasama po nating muli ang mga eksperto at mga kawani ng pamahalaan upang sagutin ang ating mga katanungan. Ako po si Undersecretary Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** At ako po si Secretary Martin Andanar, ito po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Kaninang umaga po inanunsiyo ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte na mananatili sa General Community Quarantine simula bukas, August 1 ang Metro Manila. Kabilang din dito ang Bulacan, Batangas, Cavite, Laguna, Rizal, Cebu City, Lapu-Lapu City, Mandaue City at Zamboanga City. Samantala ang ibang bahagi ng bansa ay nasa ilalim naman ng Modified General Community Quarantine.

At upang sumagot sa mga tanong ng bayan, maya-maya lang po makakasama natin sa programa sina Secretary Mon Lopez ng Department of Trade and Industry; Professor Julkipli Wadi mula sa Institute of Islamic Studies ng UP Diliman; Dr. Antonio Villalon, former President of the Philippine Colleges of Physicians, Philippine Society of Oncology and Philippine Society of Medical Oncology; at Ms. Karen Villanueva, Treasurer, Philippine Alliance of Patient Organizations.

**USEC. IGNACIO:** Makakasama rin po natin sa paghahatid ng ulat ang mga PTV correspondents mula po sa iba't-ibang probinsiya. Samantala para naman po sa inyong mga katanungan, maari kayong mag-comment sa live streaming ng ating programa sa PTV Facebook page.

Para po sa ating unang balita ngayong umaga, patuloy po ang paghahatid ng tulong ng grupo ni Senator Bong Go para sa mga kababayan nating biktima ng sunog sa ilang mga lugar kagaya po ng San Joaquin, Pasig City; Taytay, Rizal; Obando, Bulacan; at Baseco Compound sa Maynila. Kamakailan po namahagi ang kaniyang team ng relief goods, financial assistance, face masks at mga gamot sa mga naapektuhan ng sunog.

Kabilang rin sa mga namahagi ang iba't-ibang government agencies partikular na ang Presidential Commission for the Urban Poor, Department of Social Welfare and Development at Department of Trade and Industry. Bukod diyan namigay rin ang Senador ng bisikleta na maaari nilang magamit bilang alternative mode of transportation ngayong may pandemya.

Samantala, nilinaw naman ng kaniyang opisina na mahigpit nilang sinusunod ang minimum health protocol sa kanilang pamamahagi ng ayuda.

**SEC. ANDANAR:** Marami pong mga bagong industriya at establisimiyento ang muling bubuksan para sa muling pagbangon ng ating ekonomiya. Iyan at iba pang mga usapin ang ating tatalakayin ngayon kasama po si Secretary Mon Lopez ng Department of Trade and Industry. Magandang umaga, Sec. Mon.

**DTI SEC. LOPEZ:** Hello. Magandang umaga ho Sec. Martin, Usec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Mon, mayroon po tayong mga bagong ni-reopen na mga negosyo under GCQ at MGCQ areas. Ano po ba ang basis natin para masabing safe na po buksan ang mga ito sa ilalim ng mga quarantine level na ibinigay po ng IATF?

**DTI SEC. LOPEZ:** Medyo choppy po ang dating ninyo, but kung nakuha ko iyong question ay ang mga dagdag na pag-iingat po natin dito sa pagbubukas ng ilan pang sektor ay iyong pag-require pa ng mga ibang protective gears dito po sa mga sectors na ito at ang mga workers dito at iyong mga customers nila.

So for example ito hong sa gym, mga fitness centers, mga sports facilities… ni-require po rin natin dito na iyong mga pumupunta po dito sa gym na nagshi-share ng mga equipment kailangan may gloves sila, siyempre suot din ang mask lalo na kung may mga iba pang tao doon. May physical distancing din na mahigpit na ipinatutupad at ang importante iyong air circulation, maganda ang airflow; in other words may magandang ng exhaust system. Kung hindi man ay mas maganda rin iyong open air na rin para ang hangin ay hindi nakukulob. So may mga ganitong additional health protocol tayong dinagdag kapag magbubukas ang ilan pang sektor.

Sa mga testing centers, ito po iyong mga examination centers – hindi po ito iyong COVID-19 testing centers – mga review centers may only limit up to 10 people per room at as long as my physical distancing din and of course automatic na may mask. At eventually ho mas sasanayin natin aside from the mask, i-encourage din natin iyong pagsusuot ng mga shield, face shield ho 'no, iyong para ho mga dagdag proteksiyon.

At doon naman po sa mga—of course iyong mga personal grooming nadagdag din po ito under GCQ, additional protective gear din doon sa mga workers, naka-cover-alls, iyong cover alls, mga gloves… so given na po iyon na kanila ho nilang gagamitin pati na rin iyong [garbled] noong mga equipment nila.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Mon, kumusta po ang monitoring ninyo sa mga business establishments sa kanilang pagsunod sa health protocols?

**DTI SEC. LOPEZ:** Pagsunod ho sa protocol ay maganda ho kaya po tayo unti-unting nagdadagdag pa ng ibang sector. Everyday ho natin sila nao-audit, ang atin pong composite teams mula ho sa mga ahensiya ng DTI, ng DOLE, ng DOH, DOT pati ho DILG kasama rin po at siyempre ho ang ating mga LGU offices, sila po ang mga umiikot ho sa lahat ng establisimiyento. Ang report ho sa atin, ganoon pa ho ang report din, mga 92% to 100% ang range noong mga compliance ng bawat health protocol that we are requiring.

**SEC. ANDANAR:** Ito pong panukalang batas na House Bill 6765 o Digital Economy Taxation Act, ano po ba ang mga sinasabing digital platforms o services na magiging sakop po nito?

**DTI SEC. LOPEZ:** Sec. Martin pasensiya ho, wala ho akong masyadong narinig.

**SEC. ANDANAR:** Hindi marinig ni Sec. Mon iyong ating katanungan. Siguro balikan natin si Sec. Mon, perhaps we can establish a mobile telecommunication with him para at least mas malinaw po. O sige, balikan po natin si Sec. Mon.

Ngayong araw po ay idineklarang holiday sa buong bansa dahil po naman sa observance ng Eid'l Adha. Alamin po natin ang kahalagahan ng serbisyong ito lalo na para sa mga kapatid nating Muslim. Makakausap po natin si Professor Julkipli Wadi ng Institute of Islamic Studies - UP Diliman. Magandang umaga po sa inyo, Professor.

**PROF. WADI:** Good morning, Sec. Martin.

**SEC. ANDANAR:** Para po sa ating mga kababayan, ano po ba ang kahalagahan ng observance nito para sa ating mga kapatid na Muslim?

**PROF. WADI:** Mahalaga ito Sec. Martin dahil ang Eid'l Adha, ito iyong pangalawang festival na mayroon sa Islam at ginugunita ito ng lahat ng Muslim sa buong mundo. At ito rin ang panahon kung saan mayroong hajj, ito iyong pilgrimage na ginagawa ng ating mga kapatid na Muslim dahil ang hajj ay isa sa pillars ng Islam. Bagama't medyo malungkot dahil suspended ang hajj ngayon sa iba't-ibang bansa, hindi puwedeng pumasok iyong mga pilgrims from different countries kasama na diyan ang Pilipinas.

Bagama't mayroon namang ginagawang hajj sa ngayon pero limitado iyong number sa Saudi Arabia. Iyong mga nandoon na, mahigit-kumulang mga sampung libo lang ang nakapag-participate sa hajj bagama't ang taunang numero diyan ay umaabot ng mga 3.5 million pilgrims ang nagha-hajj diyan sa Saudi Arabia.

So kanina dahil sa nasa GCQ ang karamihan ng ating bansa, karamihan lalo na kami dito sa U.P. ay wala kaming Eid'l Adha prayer, wala kaming congregation prayer. so sa mga bahay na lang kami naggawa ng aming prayer. Pero iyong pagtulong sa ating mga kapatid na medyo kapos

ay tuluyan nating nagagawa dahil mayroong isang tradisyon kaakibat sa hajj, iyon iyong tinatawag nating Qurban. Ang Qurban ay ito iyong pamamahagi ng mga kinatay na baka o manok o kambing at pinamimigay natin ito sa ating kapatid para sa ganoon ay mayroon silang mapagsaluhan sa araw ng Eid'l Adha. So iyan po ang sitwasyon ng ating mga kapatid ngayong Eid'l Adha.

**SEC. ANDANAR:** Para po sa inyo Professor, gaano po kalaking impact sa ating mga kapatid na Muslim ng nagaganap na pandemya, dahil tulad ng ibang mga religious organization sa bansa, limitado po ang mga religious gatherings?

**PROF WADI:** Napakalaki ng epekto niyan, Sec. Martin, dahil obligasyon sa Islam iyong gagawin iyong mga religious congregation ng sabay-sabay. Halimbawa sa isang Masjid o isang Mosque, eh karamihan ng komunidad na may Muslim mayroong palaging Mosque at diyan ginagawa iyong pagdarasal limang beses isang araw. So isipin mo na lang kung nakasara iyan at hindi magamit dahil dito sa COVID-19; so, medyo emosyonal ang ating mga kapatid pagdating diyan. So, ang laki ho ng epekto sa kanila, tulad ng sabi ko kanina sa hajj na lang ay hindi na rin magawa iyong taunan na hajj dahil bawal pumasok ngayon sa Saudi Arabia.

But then ang Islam naman medyo nag-a-adjust siya sa mga sitwasyon, Sec. Martin eh. Kung halimbawa, katulad nito may pandemya, hindi naman obligasyon talaga na kailangan mong magdasal sa Masjid o sa mosque. Puwedeng magdasal sa bahay, kasama ang ating mga pamilya. Bagama't iyong parte ng sinasabing Purdah or obligation medyo hindi na kasing level iyong gagawin in a religious congregation; so malaki talaga iyong impact, Sec. Martin.

Halimbawa dito na lang sa hajj, mabalik lang ako sa hajj dahil marami sa ating mga kapatid na Muslim ang gustong mag-hajj. In fact, katunayan umaabot ng mga 6,000 every year ang ating mga kapatid na nagpupunta ng Saudi Arabia para makapag-hajj. Eh kung tuluyan na magiging suspended iyong hajj, ibig sabihin marami sa kanila ay hindi nila magagampanan iyong fifth pillar of Islam, iyong paggawa ng pilgrimage o hajj sa Saudi Arabia.

Kaya katulad ng ating mga kababayan, sila ay nanalangin na magkaroon sila ng katiwasayan ng loob at seguridad mula dito sa pandemyang ito at kasama na rin ang panalangin na sana ay mabawasan na ang epekto nitong pandemya para sa ganoon ay magawa nila ang kanilang mga spiritual na obligasyon.

**SEC. ANDANAR:** Ano po bang inyong mensahe para sa mamamayang Muslim at mga paalala na sumunod po para sa mga health protocols para sa kanilang kaligtasan, Professor Wadi?

**PROF WADI:** Well unang-una, nagpapasalamat tayo, Sec. Martin, lalo na iyong mga frontliners nasa delikadong kalagayan sila, tumutulong sa ating mga kababayan na may problema dito sa COVID. At ganoon na rin iyong ating mga kapatid diyan sa Mindanao ay dapat sumunod, tumalima sila sa mga polisiya, mga instruction galing sa LGU, galing sa iba't ibang units ng local government dahil kapakanan po nating lahat ang tinitingnan dito. Para sa ganoon ay maiwasan natin magkaroon ng contagion sa mga probinsya dahil napakahirap po kapag

nagkaroon ng problema, magkaroon ng contagion sa probinsya lalung-lalo na diyan sa kapatid na medyo kapos pagdating sa pasilidad, pagdating sa ospital, pagdating sa kagamitan.

So siguro ang masasabi natin sa kanila ay dagdagan pa ang pag-iingat, medyo taasan pa iyong kanilang pagtitiis, dahil katunayan ang mensahe naman ng Eid'l Adha, Sec. Martin, at ang mensahe ng Ramadan katulad ng ginawa natin na live telecast noong mga ilang buwan na ay iyong ma-develop ang discipline, iyong sense of sacrifice amongst ourselves. In other words, maganda ho itong pagnilayan itong sa panahon ng pandemya, natutuloy natin iyong ating mga obligasyon, ating mga ginagawa na tradisyon katulad ng Eid'l Adha.

At nagpapasalamat tayo, ulitin ko lang siguro, Sec. Martin sa suggestion ninyo noon na gawa kami ng live telecast ng Eid'l Fitr, bagama't hindi natin nagawa ngayon, dahil nga sa medyo… dito sa U.P, sa amin sa Diliman, medyo hindi puwedeng mag-hold ng mga religious gathering or social gatherings. At salamat din sa pag-imbita ngayong araw.

**SEC. ANDANAR:** Marami pong salamat, Professor Julkipli Wadi ng Institute of Islamic Studies ng U.P Diliman.

Balikan naman po natin ngayon si Secretary Mon Lopez ng DTI, ito pong panukalang batas na House Bill 6765 o Digital Economy Taxation Act. Ano po ba ang mga sinasabing digital platforms or services na magiging sakop po nito sakaling maipatupad, Secretary Mon.

**SEC. LOPEZ:** Sec. Martin, magandang umaga ulit. Dito po ang sakop ay mga digital transactions essentially lalo na po lahat ng nagnenegosyo in the Philippines ng mga example po mga platform tulad ng Netflix, ang mga Amazon, e-Bay lahat po ng mga pumapasok ho dito at lahat po ng mga digital transaction ay masasakop na dito po sa taxation.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Mon, bakit po mahalaga na malagyan ng buwis ang mga digital platforms na ito sa ngayon?

**SEC. LOPEZ:** Lahat po kasi ng mga businesses, basta ho naman talagang you are entering into business, regular business transaction, ito po iyong pang-araw-araw na ginagawa as negosyo ay talaga hong dapat naman ay magbayad ng tax, dahil this is our responsibility sa ating lipunan at kailangan ay mayroon pong bahagi parati ang pagbubuwis sa atin pong mga ginagawa, basta ho negosyo. Again, referring back doon sa mga dati nating diskusyon na basta tayo po ay nasa regular business. At kahit po ito online or kahit hindi online, nire-register po natin ang business at ito po ay kailangan pong ma-register at of course, subject to tax lalo na ang—under value added tax, kapag P3 million and above ang iyong gross sales sa bawat taon, ito po ay subject to taxation.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Mon, ito pong loan assistance ninyo for MSMEs na CARES Program, ano po ang kasalukuyang status po nito at gaano po karaming mga MSMEs ang target po na matulungan ng programang ito?

**SEC. LOPEZ:** Sa ngayon ho, nasa 650 million na po ang napahiram nito in the past… siguro, naka-one month na tayo. 650 million at kulang 9,000 na po ang napahiram nito at we expect na… of course lalampas po sa 15,000 or more ang mapapahiram po nito given the one billion budget that we have.

Pero sa tingin ho natin ay mauubos na rin itong one billion budget kaya we are preparing for that next one billion budget that we are now finalizing, so that maituloy po iyong pagbibigay natin ng pautang dito po sa ating mga affected na micro SMEs.

And aside from that. We are getting funds also from our regular program. Naaalala ninyo, mayroon tayong pondo sa pagbabago at pag-asenso, ito po iyong ibang panggagalingan din ng pondo para rin dito sa ating CARES Program doon sa mga COVID-affected na micro SMEs.

And we also call upon iyong mga microfinance institutions, mga private po sila but sa kanila po ay nilalapitan din sila ng micro SMEs, sila po ay regularly nagpapautang po dito and the micro MFIs (microfinancing institutions) can also get more financing from the other government financial institutions, mga wholesale funds po natin na galing po sa Landbank and DBP.

So, tuloy-tuloy po ang ating pondo para po sa microfinance.

**SEC. ANDANAR:** Limang bilyong piso po ang additional funding na kailangan para sa CARES Program. Kayo po ba ay positibong kaya po itong mai-provide ng ating gobyerno?

**SEC. LOPEZ:** Opo, maipro-provide po ito at saka mayroon tayong inaasahan. Of course, the new budget for 2021 and even before the 2021 kapag naipasa po itong stimulus package na wino-workout ngayon with Congress and Senate. There is also a fund that will be given for the MSMEs sector.

**SEC. ANDANAR:** Isa po sa mga mungkahi ni Vice President Leni Robredo, mas tutukan pa ang local producers pagdating sa pangangailangan nila sa teknolohiya. Ano po ba ang kasalukuyang suporta na ibinibigay po natin sa ating mga local producers lalo na po sa mga essential goods at products?

**SEC. LOPEZ:** Sec. Martin, paki ulit Sec. iyong first part, naka-mute yata iyong kanina.

**SEC. ANDANAR:** Opo. Mayroon po kasing mungkahi si Vice President Robredo na mas tutukan ang local producers pagdating sa pangangailangan nila sa teknolohiya. Ano po ba ang kasalukuyang suporta na ibinibigay po natin sa kanila?

**SEC. LOPEZ:** Pagdating ho sa—kahit saan sa local producers, all out support ho tayo. In fact, aside from trying to encourage iyong consumers natin to buy local – may campaign tayo na ‘Buy, Buy, Buy Local.’

Of course, prior to that, ito pong pagpopondo uli ng ating mga kumpanya at with the funding that we discussed earlier, pati itong patungkol din sa product development, innovation, we have Design Center Philippines that helps them in the design even in marketing their product. We are teaching online, teaching them digital technology so that maipasok nila sa e-commerce and online selling ang kanilang mga businesses.

Ang ibang ahensiya po ay patuloy po, like kasama ho rin natin ang DOST sa pagbibigay ng mga equipment; ang DTI, mayroon ding mga sales service facilities or equipment that will mechanize and have more consistent productivity and the quality ng kanilang mga produkto.

So, these are mga technology and also innovation pagdating po sa pag-improve ng product ng ating mga micro SMEs. And we're doing a lot of online webinars right now and also webinars on online, making them online and putting them in digital platforms.

**SEC. ANDANAR:** Mayroon po tayong campaign again, na ito po iyong 'Go Local and Buy Local,' nabanggit na nga po kanina, pero maaari po ba nating atasan ang buong pamahalaan, lahat ng mga ahensiya na piliin ang mga produkto na galing sa mga local businesses para maiambag po sa ekonomiya ng ating bansa?

**SEC. LOPEZ:** Oo, tama ho, Sec. Martin. Maganda ho iyong polisiya na iyan ng—lalo na po if you're using government resources, taxpayers money, na magandang magamit ito at mabili ang mga local manufactured products. Hindi lamang po iyong gawa ng micro SMEs, pati iyong other local manufacturers.

Dahil una, they are standard compliant lalo na doon sa mga critical at importanteng mga produkto na subjected to standard compliance, sila po, every time we buy the products of local manufacturers we create local jobs, nandito iyong trabaho and this is really the way to re-stimulate our economy and save jobs.

Dahil alam ninyo po, kapag may trabaho, may confidence ang bawat mamamayan na may income sila, may kikitain sila at iyan po ang magiging panimula uli ng kanilang pagbili sa labas, pag-consume. Dahil kung wala ho silang kasiguraduhan sa kanilang income, lahat po ay mag-iipon at hindi ho gagalawin, iko-conserve ang kanilang mga cash kaya ho babagal ang magiging usad ng ating ekonomiya kung mawawala ho iyong confidence na iyon.

Kaya importante ho na ma-save ang jobs and to save jobs we have to patronize our local products, support our local manufacturers and service providers.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Mon, maaari po bang ulitin ninyo kung ano po ang mga sinasabing digital platforms or services na magiging sakop ng House Bill 6765 dahil kanina putul-putol po ang ating linya ng komunikasyon?

**SEC. LOPEZ:** Actually, mayroon hong mga ibang bills din, mas na-involve po ako dito sa internet transaction bills po na kung saan ang aside from putting the rules and regulations sa

mga online selling, ito rin po ay nagbibigay ng sapat na consumer protection sa online transaction, lalo na po doon sa mga online consumers.

At ang DTI din maatasang mag-regulate, mag-takedown ng mga online sites kung ito po ay mga illegal. So, ito po, papasakop na rin natin iyong mga recently na mga pinag-uusapang mga issues tulad po noong pagbebenta ho ng mga sin products – ano ba ang papayagan, sino ba ang papayagan dahil kailangan iyong registered; kailangan tsinitsek kung sino iyong buyer, kung anong edad ng buyer. Iyong mga ganoong transaction or, ano ang gagawin kapag maroon mga defective products na idineliver sa inyo at saan puwedeng mag-complain.

So, iyon po ang mga iko-cover nito pati consumer protection at iba naman iyong sa bill sa transaction kung saan nandoon naman iyong mga taxation po ng mga legitimate businesses that operate in the country.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Sec. Lopez, good morning po. Bigyan-daan lang po natin iyong tanong ng ating mga kasamahan sa media. Ito po iyong ipinadala nila. From Joan Nano ng UNTV: Sabi daw po ni Secretary Dominguez, ang Philippine International Trading Corporation ang agency which will be in-charge sa procurement po ng COVID-19 vaccine. Ang tanong po, may available na ba daw po tayong pondo para dito at saan po kukunin ang pondo – sa national budget po ba or kailangan pa nating magbenta ng property para daw po magkaroon ng fund para dito?

**SEC. LOPEZ:** Okay. Hindi po kailangang magbenta ng property, kaya po ipinapadaan sa PITC, Philippine International Trading Corporation dahil para po dito, sila po ang in effect directly manghihiram mula sa DBM and Landbank. So DBP and Landbank, iyong sinasabi ho ni Secretary Dominguez ang may pondo na magpapahiram dito po sa isang government corporation who will execute the importation or the buying noong mga vaccines na ito at para po ang PITC ang magsu-supply sa DOH.

So iyon po ang magiging proseso natin and the DOH will be the one to distribute. Nabanggit ho ng Pangulo kung padadaanin sa mga kampo, iyon po ang mga panibagong magiging procedure po dito sa pag-distribute ng vaccines.

Pero ito po iyong sistema na minumungkahi ho ngayon na gagawin ho natin para maging— may pondo ho tayo para maging smooth ang atin pong pagbili ng mga vaccine once ready na po ito. Of course the number, the brand ng vaccine, numero po nito, anong volume will all come from the requirements ng DOH.

**USEC. IGNACIO:** Secretary Lopez, iyong second question po ni Joan: Initial daw po ay 20 million coming from poorest of the poor sector ang sinasabing babakunahan po daw nang libre. Is this only initial o is there a plan daw po ba na i-extend pa ito doon sa mas marami given the availability po ng pondo?

**SEC. LOPEZ:** Okay. Ang mangyayari naman po nito ay maaring initial po iyon doon sa poorest of the poor na communities at of course beyond that—ang private sector naman ho puwede

rin makibili, padaanin din dito sa PITC para makakuha tayo ng volume purchasing, volume discount kapag ipinadaan sa PITC itong mga requirements pa ng mga ibang pribadong sektor para beyond the 20 million ay mabakunahan din. So ang sinasabi lang naman po ng gobyerno sa ngayon i-priority muna dito po sa poorest of the poor.

Nobody is preventing anyone from importing also the vaccines at kung gusto nilang magka-volume buy tayo, puwedeng padaanin sa PITC. So ito ho iyong—actually bago pa lang itong mga pinag-uusapan kaya mapa-fine tune pa natin ang proseso, ma-improve pa natin ito 'pag kailangan.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po, Secretary Lopez. Ano na lang po iyong mensahe ninyo sa ating mamamayang Pilipino kasi mataas po ang recoveries pero mayroon pa ring mga nadadagdag na kaso?

**SEC. LOPEZ:** Opo. Importante ho talaga ano pa rin, nandiyan iyong pag-iingat natin. Ito ngang nagpa-flash sa screen natin magandang paalala ito, iyong wash hands ano, iyong safe distancing at saka iyong wearing of mask. At saka ho ngayon ho, pinag-aaralan din po ngayon na batay sa pag-aaral, iyong wearing of face shields, ito po iyong isang kino-consider din ng IATF na i-encourage na rin ang ating mga kababayan as an extra step para ho lumakas ang prevention, maiwasan ang transmission ho.

Kasi sa pag-aaral, something like 82% ang naba-lock 'pag mask pero 'pag may face shield ka pa, almost 99% ang naba-block iyong potential transmission. Kaya ho beyond the wearing of mask, ini-encourage na rin po natin iyong pagsusuot ng face shield lalo na po 'pag nasa public place, iyong maraming tao or nasa public transport po tayo, ang ating mga kababayan magsuot na rin po ng face shield. Hindi pa ho iyan niri-require ngayon pero ho baka ho in the future ay ma-require na natin kung kakailanganin pa nating mag-extra protection. But ngayon ho, we will just encourage iyong pagsusuot po ng face shield, umpisahan na ho natin iyon.

Pero ho 'pag magtulung-tulong tayo dito mako-control din natin ito and the economy will move forward at para ho we will continue with the reopening but definitely gradual and safe reopening. This is the way forward.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po, Secretary Ramon Lopez ng DTI. [AD]

Sa punto pong ito, mahalaga rin po na pag-usapan kung ano nga po ang epekto ng pandemyang ito sa iba pang mga kritikal na sakit po katulad lamang ng cancer. Para bigyan tayo ng dagdag kaalaman ukol rito, makakausap po natin si Dr. Antonio Villalon, former president po ng Philippine Society of Oncology and Philippine Society of Medical Oncology. Kasama rin po natin si Ms. Karen Villanueva ng Philippine Alliance of Patient Organization. Magandang araw po sa inyong dalawa Doc., Ma'am.

**DR. VILLALON:** Magandang umaga po sa inyong lahat, sa lahat ng nakikinig.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Unahin ko na lang po si Dr. Villalon. Doc., paano po ba nakaka-cope iyong ating mga cancer patients ngayong nasa gitna tayo ng COVID-19 pandemic?

**DR. VILLALON:** So sa ngayon medyo mahirap nga kasi ang gusto lang natin mangyari lahat ng pasyenteng may cancer eh siyempre madaling mahawa sa COVID kasi dahil sa kanilang kondisyon.

So ang pinakaimportante sa lahat ay dapat nasa bahay sila at iwasang pumunta sa ospital maliban kung kailangan talaga kung emergency o importanteng mayroon silang nararamdaman. Kaya lahat nga ng serbisyo eh iyong tinatawag na tele-medicine para maiwasan silang pumunta sa ospital.

So mayroon tayong telepono, mayroon tayong email, mayroon tayong text, Messenger, Viber – lahat ito ay ginagamit para tuloy ang serbisyo at paggagamot sa mga pasyente. So continuous pa rin ang communication o ang pakikipag-usap ng mga pasyente sa kanilang mga doktor.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc. aside from that, ano pa po iyong adoptive measures na ipinatutupad ngayon para sa cancer care in the middle of this pandemic? Paano po nagre-respond iyong mga ospital doon sa mga pangangailangan po ng cancer patients sa harap pa rin po ng COVID-19?

**DR. VILLALON:** Bukas naman ang ospital kaya nga lang medyo mahigpit kasi iniiwasan iyong infected o iyong mga may sakit. Pero anytime, 24 hours puwede pa rin silang pumunta sa ospital. So ang mga ginagawa ng karamihan ng ospital ay mayroong—pagpunta ng pasyente, dadaan sila sa triage na tinatawag, i-interview-hin sila ng mga doktor, may health assessment form, may sasagutin silang questions kung ano ang kanilang pakiramdam, kung may lagnat sila. At kung sila naman ay cleared at wala namang nararamdaman ay diretso sila sa mga clinic ng mga doktor.

Iyon nga lang ang lahat ng mga pasyente ngayon, hindi lang cancer patients, lahat ay naka-appointment nga kasi nililimitahan ang mga tao, ang mga pasyenteng pumapasok sa ospital. So may appointment para lang alam kung anong oras darating at mayroon parang interval, kumbaga may pagitan bawat pasyenteng pumapasok.

Ngayon kung ang pasyente ay pumunta doon sa ospital, doon sa lobby for example, may mga doktor na nag-i-interview at mayroon silang nararamdaman, may lagnat o may ubo-ubo ay hindi sila puwedeng umakyat sa taas, sa opisina ng doktor. Sila'y pinapapunta sa emergency room at doon sila ay tinitingnan, nagpapa-xray o CT scan para lang ma-check kung ang nararamdaman nila ay dahil sa COVID infection. So may mga precaution naman, puwede silang pumunta pero may mga sinusunod na patakaran sa mga ospital.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Para naman po kay Ms. Karen. Ma'am, gaano po kalaki ang epekto noong pandemic sa mga cancer patients sa bansa economically, socially, physically and emotionally na po?

**MS. VILLANUEVA:** So malaki talaga ang epekto sa mga pasyente. Number one na iyong financial, siyempre most of us lumiit ang ating kabuhayan ano, may mga nag-suffer ng pay cuts at saka iyong negosyo din lumiit. So number one na po iyong access to services at saka po sa mga gamot 'no. Mayroon pong mga cut off sa PCSO para sa mga pasyenteng dumudulog ng tulong so madalas nauubusan na sila ng pondo o kaya hindi nila ma-access iyong site 'no, so that's one.

Tapos number two, may problema rin po sa transportation. So sa mga ibang cancer patients na talagang kailangan na pumunta sa ospital or sa health facility para chemo treatment, isang challenge iyong paano sila pupunta doon.

And then number three, also may challenge tayo sa dugo, availability of dugo. So, alam naman natin na hindi tayo puwedeng magbayad for blood or dugo, so kailangan may mga nagdo-donate. Eh siyempre iyong mga tao natatakot naman silang mag-donate dahil sa COVID. So, malaki ang financial impact in terms of emotional at saka psychological, nandiyan na iyong takot 'no. Nasabi rin ni Doc na talagang mahirap pumunta dahil immune-compromise na sila, so malaki iyong takot nilang pumunta sa ospital.

**USEC. IGNACIO:** Opo, Ma'am. Ang talagang nakakalungkot talaga iyong mga ganiyang pangyayari. Pero ano po iyong maaaring gawin ng ating healthcare sector at siyempre po ng pamahalaan para makatulong po at tugunan iyong mga pag-aalala at burden po ng mga cancer patients at kanilang pamilya sa panahong ito, Ma'am?

**KAREN VILLANUEVA:** Okay, so nasabi na ni Doctor Villalon na palaging dapat sumasangguni tayo sa ating doktor or sa ating oncologists. Sa side naman ng gobyerno, may dalawa tayong batas na ipinasa ang ating gobyerno na napakaimportante. Ang first doon is iyong Universal Healthcare Law. Ang pangalawa is iyong National Integrated Cancer Control Act. So, kailangan, kahit na naka-focus ang gobyerno natin sa COVID dapat hindi nakakalimutan iyong implementasyon ng mga mahahalagang batas na ito.

Doon sa Cancer Control Act and I'm glad nandito kayo ni Secretary Martin para mapaabot ninyo kay Presidente, ay sana po ay mabuo na po iyong cancer council. Importante po iyon, para nang sa ganoon maumpisahan na nila iyong work plan, kasi marami pong magandang mga plano para sa Cancer Control Act. So, sana po ay maumpisahan na iyon.

Tapos po doon sa Universal Healthcare Law, bakit ba importante iyon? Kasi ito a-assure na lahat ng Pilipino may access sa tinatawag na primary healthcare. So maa-assign tayo sa mga doktor para sa ganoon, maaga pa lang na may nararamdaman tayo maire-refer tayo sa tamang espesyalista, hindi iyong maghihintay tayo hanggang malala na ang ating sakit sa puso, ang diabetes, at siyempre ang number two killer na cancer.

So prevention is really key at iyon ang magandang maidudulot ng Universal Healthcare o pangkalusugang pangkalahatang na batas na ito na naipasa noong 20019 pa, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kay Dr. Villalon. Doc, ano naman po ang mga challenges na nararanasan ngayon na dala pa rin po nitong COVID-19. Dito sa mga cancer patients nagkaroon po ba ng added cost, doon sa treatment during this pandemic?

**DR. VILLALON:** Well, ang medyo nakadagdag lang sa gastos nga ay kung kapag mayroon silang nararamdaman at pumunta sila sa ospital at mayroon silang lagnat, ubo ay nire-require sila o sila ay pinapa-chest x-ray o CT scan of the chest, para lang makita kung may pneumonia. So, siyempre ito gastos din ito na nakakadagdag sa consultations nila, imbes na dumiretso sa clinic ay dadaan muna sila sa x-ray at CT scan kung may nararamdaman sila at ito ay una siyempre additional cost, pangalawa, natatakot din iyong mga pasyenteng pumunta sa x-ray at sa CT scan, kasi baka doon sila mahawa.

So ang pinakamaganda sigurong puwedeng gawin ng gobyerno ngayong may pandemic na iniiwasan iyong mga pasyenteng pumunta sa ospital at lumabas, ay magkaroon dito sa Pilipinas ng tinatawag na Cancer Information Center.

Sa America, iyong American Cancer Society, mayroon silang tinatawag na Cancer Information Center, ito ay napakalaking building, maraming trained na sumasagot, parang call center na lahat ng cancer patient, anytime, 24 hours a day puwedeng tumawag doon sa Cancer Information Center para may makausap na sasagot sa kanila.

Dito sa atin, wala tayong ganoon na gawa ng gobyerno. Ang nangyayari, tatawag sila sa ospital, mag-a-appointment. Pero pagsagot ng operator sa ospital, hindi naman makakapagbigay ng advise, kasi hindi naman trained iyon na nurse o mga doktor na sumasagot. Kaya isang magandang puwedeng gawin dito sa atin, magkaroon ng isang Cancer Information Center na lahat ng pasyente, puwedeng tumawag para maiwasang pumunta sa ospital.

Sa Amerika ay mayroong ganoon at iyon ay libre. Ngayon kapag may nararamdaman, nire-refer ng mga call center agents, nire-refer doon sa mga doktor na kailangan tumingin sa kanila.

So, iyon ang pinakaimportanteng gawin na sana puwedeng magawa ngayon, para maisawan iyong mga pasyenteng lumabas at pumunta sa ospital.

**USEC. IGNACIO:** Opo, Doc kasi ngayong nasa ilalim nga ng GCQ ang Metro Manila at iba pang lugar. So iyan po ay magandang mungkahi ninyo. So doable po iyan Doc, iyong mungkahi ninyong magkaroon ng Cancer Center na talagang doon pupunta, lalo na iyong mga nasa active treatment po.

**DR. VILLALON:** Oo, doable iyon. Ang importante nga lang ay may isang lugar na puwedeng gawin iyon o kaya may mga trained personnel to answer the calls, iyong mga tawag 14 hours iyon na may sasagot sa iyo kung may nararamdaman ka, eh mayroong sasagot sa iyo kung ano ang dapat mong gawin. Wala tayong ganoon, ang mga pasyente tatawag sa ospital, sa emergency room then tatawagan iyong doctor - mahabang proseso. Pero ito ay puwede natin sanang gawin na sa ngayon ay wala pa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Para naman po kay Miss Karen. Paano po nakaka-adapt naman iyong mga cancer patients doon sa mga pagbabago na dala ng COVID-19? Miss Karen, sa inyo pong experience nakatulong po ba iyong phone calls or video calls kagaya po ng personal consultation and interaction, miss Karen?

**KAREN VILLANUEVA:** Oo naman, Usec. Rocky, malaking tulong iyon, kasi nga siyempre ayaw nating madagdagan iyong sakit ng mga cancer patients. Pero siyempre may challenge pa rin iyon, kasi kung talagang kailangan nilang pumunta for treatment, nasabi ko na nga na challenge talaga iyong financial pati iyong transportation at saka pati iyong dugo.

So, dagdagan ko lang po sana iyong sinabi ni Dr. Villalon na aside from the call center, doon sa batas natin ng cancer control, may plano na magkaroon ng mga cancer centers hindi lang dito sa Metro Manila kung hindi sa mga major regions around the country. So importante iyon, kasi nagiging center of excellence iyon at mayroon talagang services na focus talaga sa cancer. Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Miss Karen, pero how can patients take a more proactive stand in ensuring they received continues care amidst COVID-19 po?

**KAREN VILLANUEVA:** They have to listen to their doctor. Kailangan palagi silang nagko-communicate, improved then nila or i-boost rin nila iyong immune system. Of course nandiyan na rin iyong compliance nila doon sa mga doctor's orders. Tapos maganda naman mayroong tinatawag na cancer coalition. I'm sure alam ninyo about our cancer coalition. So may mga volunteers na kami na iyong nagta-transport sa mga pasyente. So you just need to reach out sa Facebook page ng cancer coalition, ang president, si Mr. Paul Perez and we can provide transportation for cancer patient who need to go to the hospitals.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa inyong impormasyon. Mensahe na lamang po sa publiko, unahin ko po si Dr. Villalon. Doc, ano po iyong mensahe natin sa mamamayang Pilipino?

**DR. VILLALON:** Tuloy pa rin ang services, iyong paggagamot sa mga cancer patients. So, ang nasa guidelines nga all over the world sa lahat ng cancer patients eh, sa doktor, may tinatawag kaming high priority, medium priority, low priority.

So, iyong mga high priority, iyong mga dapat makita namin face to face. So, puwede pa namang mag-face to face consultation kung talagang emergency o importante. Eh, may mga precautions naman na dadaanan sila o may gagawin sila.

So, tumawag lang sila sa mga ospital ngayon, may mga telephone number ang information ng mga secretary at mga doktor. Nai-submit na iyan ngayon sa information para kapag tumawag ang pasyente sa ospital, eh iyong sasagot sa information eh tatawagan iyong doktor o iyong mga secretary para nga magkaroon sila ng appointment para pumunta sa ospital.

So, tuloy pa rin ang serbisyo ng mga doktor, mga oncologists sa mga cancer patients, iyon nga lang mayroong mga susunding patakaran.

Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Salamat sa mga doktor kasi itinuturing kayong makabagong bayani ng panahong ito. Salamat, Dr. Villalon.

Ms. Karen, kuhanin ko po iyong inyong mensahe.

**MS. VILLANEVA:** So, health is a basic human right so sana itong COVID na pandemic wakeup call na ito sa sistema ng ating kalusugan. Kailangan talagang mabago, ma-improve, bilisan natin ang pagkilos para sa mga pasyente.

Now is the time to accelerate the move towards universal healthcare. Ibaba ang mga serbisyo sa mga tao at i-convene na po ang cancer council para maumpisahan ang trabaho para sa cancer control.

Salamat, Sec. Martin at salamat, USec. Rocky for this opportunity na madinig ang mga boses ng mga pasyente.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Salamat po sa inyo! Maraming salamat po, Dr. Antonio Villalon at Ms. Karen Villanueva. Salamat po sa inyong panahon dito.

Samantala, upang bigyan-daan ang Hatid Tulong Program na layong mapauwi ang mga na-stranded sa Maynila dahil sa umiiral na community quarantine, pansamantala munang ipinagpaliban ang Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program.

Para po sa iba pang detalye, panoorin po natin ito.

[VTR]

**SEC. ANDANAR:** Puntahan naman natin si Breves Bulsao mula sa PTV Cordillera.

[NEWS REPORT BY BREVES BULSAO]

**SEC. ANDANAR:** Salamat, Breves Bulsao.

**USEC. IGNACIO:** Mula naman po sa PTV Davao, may report po si Jay Lagang.

[NEWS REPORT BY JAY LAGANG]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Jay Lagang ng PTV Davao.

Update naman po tayo kaugnay sa COVID-19 cases sa buong bansa.

Base po sa tala ng Department of Health as of July 30, 2020, umabot nasa 89,374 ang total number of confirmed cases. Muling naitala ang pinakamataas na daily increase kahapon na umabot po sa 3,954 new cases; nadagdagan ng 23 na katao ang mga naitalang nasawi kaya umabot na sa 1,983 ang total COVID-19 death sa buong bansa.

Pero may magandang balita naman po, dahil ang bilang naman ng mga naka-recover ay umakyat na rin sa 65,064 at naitala rin ang mataas na bilang ng new recoveries na nasa 38,075. Dahil po iyan sa mas pinabilis at pinalawak na data reconciliation efforts ng national and local governments.

Ayon sa DOH, ang kabuuang bilang ng ating mga active cases ay 22,327 na lamang mula po iyan sa 56,528 noong Miyerkules. Ngunit sa kabila nito ay hindi po kaming magsasawang ipaalala sa lahat ang physical distancing, tamang pagsusuot ng face mask at palagiang paghuhugas ng kamay.

Tandaan, sa pagsunod at pakikiisa sa ipinatutupad na guidelines ng pamahalaan, makakatulong ka upang tuluyan nating mapagtagumpayan ang ating laban sa COVID-19.

Bahay muna, buhay muna!

**SEC. ANDANAR:** At iyan po ang mga balitang aming nakalap ngayong araw. Maraming salamat sa mga naglaan ng kani-kanilang oras sa pagbibigay-linaw po sa mga impormasyon na mahalagang malaman ng ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Ang Public Briefing po ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

**SEC. ANDANAR:** Asahan po ninyo ang aming patuloy na pagbibigay impormasyon kaugnay sa mga update sa paglaban sa COVID-19 pandemic. Maraming salamat din po sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Mula po sa Presidential Communications Operations Office, ako po si USec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** At mula rin po sa PCOO, ako po si Sec. Martin Andanar. Magkita-kita po tayo bukas dito lang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*